Republic of the Philippines
Department of Education
Region V (Bicol)
DIVISION OF CATANDUANES
Virac, Catanduanes

October 22, 2014

MEMORANDUM
Blng. 101 s, 2014

**PANSANGAY NA PATIRIBAYAN SA FILIPINO 2014**
**(Antas Elementarya)**

DepEd-Division of Catanduanes
RECORDS SECTION
Date OCT 22 2014
Time 3:20 p.m.
By

Sa Mga Tagamasid Pampurok/Namumunong Guro
Ng Mga Paaralang Elementarya

1. Kaugnay sa gaganaping Panrehiyong Patiribayan sa Filipino (Masining na Pagkukwento at Balagtasan) ang sangay ay magdaraos na panzonal na patimpalak sa Nobyembre 2-17, 2014 sa iba't ibang paaralan.

| ZONE/PAARALAN | TAGAPAG-UGNAY |
|---|---|
| Zone 1 –Virac Pilot Elementary School | Gng. Nora T. Sales/G. Frankie Turalde |
| Zone 2 – Bato Central Elementary School | G. Roger De Mesa/G. Isidro Molina |
| Zone 3 – Viga Central Elementary School | Gng. Delmenia Usero/G. Bienvenido Tulod |
| Zone 4 – Pandan Central Elementary School | G. Nelson Isorena/G. Miguelito Rodriguez |

2. Ang nagkamit ng unang gantimpala sa panzonal na Patiribayan sa Filipino ang lalahok sa Pansangay na Paligsahan na gaganapin sa darating na Nobyembre 19, 2014, Bulwagan C ng Sangay sa ganap na ika 8 ng umaga.

3. Ang bawat kalahok (Mag-aaral at Tagapagsanay) ay mag babayad ng isang daan at limampung piso (P150.00) na gugulin para sa meryenda, pananghalian, sertipiko at iba pang gastusin kaugnay ng Gawain.

4. Ang ibabayad sa rehistrasyon at gastusin sa pamasahe at iba pang gugulin ng kalahok ay manggagaling sa pondong pampaaralan/MOOE na sasailalim sa kinaugaliang pagsusuma at pagsusuri.

5. Kalakip ng memorandum na ito ang Panuntunan at Pamantayan sa paligsahan.

6. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapabatid ng memorandum na ito.

**JOSE L. DONCILLO, CESO VI**
Tagapamanihala

# 2014 PATIRIBAYAN FESTIVAL SA FILIPINO

**Diskripsyon**: Pangsangay na Patiribayan sa Filipino ay taunang paligshan na naglalayong mataya ang mga taglay na tanging kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral sa Filipino sa pamamagitan ng makabuluhang paligsahan sa larangan ng wika at panitikan.

**Kategorya**: Elementarya

- Masining na Pagkukwento
- Balagtasan (Tradisyonal)

**Panuntuhan at Pamantayan:**

**A. Masining na Pagkukwento**

1. Ang kalahok ay nararapat na mag-aaral sa Baitang 3 o Baitang 4 na nanguna sa panzonal na paligsahan.
2. Ang masining na pagkukwento ay sa loob lamang ng 3 – 5 minuto.
3. Ang kwento ay hango sa mga kwento ni Lola Basyang sa wikang Filipino.
4. Ang kasuotan ng kalahok ay pampaaralang uniporme; walang anumang props sa entablado at tanging piyesa lamang ang hawak.
5. Ang pamantayan ay:

| | |
|---|---|
| Pagpili ng Kwento | 10 % |
| Pagsasalita | 25 % |
| Uri ng tinig (10%) | |
| Tono/Bigkas/Diin/Hinto (15%) | |
| Pagbibigay kahulugan/Interpretasyon | 50 % |
| Personalidad/Kakayahan sa Pagkukwento | 15 % |
| Kabubuan | 100 % |

**B. Balagtasan (Tradisyonal)**

1. Ang kalahok ay nararapat na 3 mag-aaral sa Baitang 5 o Baitang 6 na nanguna sa panzonal na paligsahan.
2. Ang Balagtasan ay sa loob lamang ng 7 – 10 minuto.
3. Ang mga mag-aaral at tagpagsanay ang susulat ng kanilang piyesa ayon sa kumbensyon ng tradisyonal na tula (may sukat at tugma) na tatalakay sa paksang: **MTB sa Elementary** (MTB Dadag na Asignatura sa Elementarya, Dapat ba O Hindi Dapat?)
4. Ang piyesa at pagtatanghal ay sumusunod sa ganitong daloy:

   a. Pagsisimula ng lakandiwa
   b. Unang tindig ng mambabalagtas 1

c. Unang tugon sa mambabalagtas 2
d. Ikalawang tindig ng mambabalagtas 1
e. Ikalawang tugon ng mambabalagtas 2
f. Ikatlong tindig ng mambabalagtas 1
g. Ikatlong tindig ng mambabalagtas 2
h. Rebuttal ng mambabalagtas 1
i. Rebuttal ng mambabalagtas 2
j. Pagtatapos ng lakandiwa

Maaring lumihis nang kaunti sa daloy na ito sa pamamagitan ng maikling pagsingit ng lakandiwa at iba pang kaugnayan na dagdag sa sangkap, subalit kailangan hindi ito makakasira sa nabanggit na daloy.

Ang pamantayan ay:

| | |
|---|---|
| Piyesa | 60 % |
| Paglinang ng paksa 20% | |
| Pagtatapos ng katwiran 20% | |
| Husay ng mga katwiran 20 % | |
| Pagbigkas | 35 % |
| Linaw ng pagbibigkas 20 % (tradisyonal na patula) | |
| Tindig sa entablado 15 % | |
| Kasuotan | 5 % |
| (tikas sa pampaaralang uniporme) | |